# SAPOT SA KINABUKASAN

*by:*
**Dorothy D. Pingol**
*Teacher I, Capitangan Elementary School*

Mahaba-haba na rin ang mga nalagas na araw simula ng mag-umpisa ang pananatili ng mga tao sa loob ng bahay. Lahat ng sulok ng bahay ay nasinop ng mga ilaw ng tahanan. Pero, hindi ang ikalawang tahanan… Kaya pa bang balikan ang nakaraan gayung hindi na mabakas ang iniwang alaala ng mga bata na nagkakasatan habang may talakayan? Hindi na marinig ang ingay na nagmumula sa mga usapan ng mga batang puno ng kasiglahan at kapilyuhan na nagpapataas-baba ng pulso ni Sir at Mam. Pawang katahimikan… nakakabinging katamikan na nagpapalungkot sa apat na sulok ng paaralan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa panuruang ito, ang bawat isa ay nag-iwan ng di matatawarang bahagi. Ang mga guro ay nagpakita ng kakaibang tapang na tila sa isang sundalo na sasabak sa digmaan. Nakakubli ang mga kaaway at batid nila na ito ay nasa di-kalayuan. Ngunit para sa mga bata, isasantabi ang takot na nararamdaman para sa edukasyon na inaasam. Ang mga magulang naman ay nagsilbing tulay para sa patuloy na ugnayan ng paaralan at tahanan dahil pa rin sa mga anak na minamahal. At ang mga bata, sila ay tila ningas sa gasera na alam mong maaaring matalo sa kadiliman na hatid ng pandemyang hindi inaasahan. Pero, dahil sa kalinga ng mga magulang, ang ningas na ito ay nananatiling umiilaw. Hirap man sa sitwasyon, walang umatras sa laban. Bagkus, pinag-igting ang katatagan at ang pagkapit ay hinigpitan.

Isang pahina na naman ng buhay mag-aaral ang natapos. Marami-raming balakid ang napagtagumpayan. Daan na pasikut-sikot na mahirap hanapin ang lagusan. Panahon na paiba-iba ang timpla pero sa huli ay nabanaag ang bahaghari na mahirap

masumpungan. Agam-agam na nagpapahina sa isang dakot na pag-asa na baon sa paglalakbay sa paghahangad ng karunungan. Iba-ibang lasa na natikman sa pagdaan ng mga araw na kung hindi sinubukang muling tumikim ay malayo ng malasahan ang kinabukasang nalambungan. May mga sapot man na nagsulputan at nagdulot ng pagkabagabag, hindi ito naging hadlang upang huminto sa pagtuklas ng bagong kaalaman ang mga magigiting na kabataan. Sapot na maaring bumihag sa kanila at pipigil sa kanilang mga paghakbang. Sapot na nakakasira sa magandang hinaharap na sa kanila ay naghihintay. Batid nila na ito ay isang pagsubok lamang na magpapatibay sa kanila sa mga darating pa na hamon ng buhay. Mga sapot na sa tingin natin ay nakasisira bagkus magsisilbing kalasag upang patuloy na asamin ang edukasyon na itinuturing nating kayamanang hindi mananakaw sa atin.

*References:*

https://www.wikiwand.com/tl/Pandemya_ng_COVID-19_sa_Pilipinas
https://www.plaridel.ph/index.php/2021/08/05/nagigibang-ikalawang-tahanan-ni-juan-pagsuri-sa-lumulubhang-krisis-pang-edukasyon-ng-pilipinas/
https://janeallga.blogspot.com/2019/09/ang-ikalawang-tahanan-tingnan-ay_12.html
https://www.jw.org/tl/library/magasin/g201401/house-spider-pandikit-sapot-gagamba/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan